**CATCH-UP FRIDAYS TEACHING GUIDE**

*(FOR VALUES, PEACE, AND HEALTH ED)*

| **I. General Overview** | | | |
|---|---|---|---|
| **Catch-up Subject:** | PEACE EDUCATION | **Grade Level:** | V |
| **Quarterly Theme:** | National and Global Awareness | **Sub-theme:** | Optimism |
| **Time:** | | **Date:** | APRIL 19, 2024 |

| **II. Session Outline** | |
|---|---|
| **Session Title:** | Naipapaliwanag ang mga salik na nagbigay daan sa pag-usbong ng nasyonalismong Pilipino |
| **Session Objectives:** | Nakatatalakay ng mga lokal na pangyayari tungo sa pag-usbong ng pakikibaka ng bayan. |
| **Key Concepts:** | NASYONALISMO |

**III. Teaching Strategies**

| **Components** | **Duration** | **Activities and Procedures** |
|---|---|---|
| **Introduction and Warm-Up** | 10 mins | 🌍 Sino-sino ang mga katutubong Pilipino na lumaban sa mga Kastila upang mapanatili ang kasarinlan at matamo ang kalayaan ng bansa?<br><br>🌍 Paano maipapakita ang pagpapahalaga sa mga nagawa at sakripisyo ng ating mga katutubong bayani? |
| **Concept Exploration** | 15 mins | **Mga Pangyayari sa Loob ng Bansa At Implikasyon Nito sa mga Pilipino**<br><br>Ang mga patakaran at pagbabagong ipinatupad ng mga Espanyol sa Pilipinas ay umani ng iba't ibang pagtuligsa mula sa mga katutubo. Habang ang iba ay naging masunuring binyagang-Kristiyano, ang ilan naman ay nagpakita ng pagtutol sa mga pagmamalabis dulot ng mga maling pamamalakad ng mga pinunong Espanyol, mapang-abusong patakaran, at mga panyayari sa loob ng bansa na nakaapekto sa pamumuhay ng mga Pilipino.<br><br>**Pagtalakay sa mga Karanasan at Pagtutuol sa Monopolyo ng Tabako at Patakaran sa Agraryo,** |
| **Valuing** | 5 mins | Ang mga Pilipino sa panahong kolonyal ay nakaranas ng mga pasakit at paghihirap mula sa mga mananakop na Espanyol sa loob ng napakahabang panahon. Bilang isang mag-aaral, paano mo maipapakita ang iyong pasasalamat sa mga Pilipinong nagsakripisyo at |

<table>
<tr><td></td><td></td><td>nagbuwis ng buhay upang makamit ang kalayaan ng ating bansa mula sa mga mananakop?</td></tr>
<tr><td>Group Activity</td><td>25 mins</td><td>Panuto: Punan ang patlang ng salita o lipon ng mga salita upang mabuo ang diwa na ipinapahayag ng bawat pangungusap.<br>1. Ang monopolyo ng tabako ay itinatag upang ____________________________________________________________ _________.<br>2. Ang pag-aalsang Agraryo noong 1745 ay bunsod ng ____________________________________________________________ _________.<br>3. _____________________________ ito ay lumawak dahil sa partisipasyon ng kanilang mga kaalyadong bansa, at hindi natigil sa Europe ang epekto ng digmaan dahil ang mga kolonya nilang bansa sa daigdig ay naging bahagi dito.<br>4. Ang pag-aalsa ni Pule ay isa sa ___________________________________.<br><br>Panuto: Isulat ang T kung katotohanan at M kung walang katotohonan ang mga sumusunod na mga pangungusap.<br><br>_____1. Ang monopolyo sa tabako na programa ni Jose Basco ay malaking tulong sa mga magsasakang Pilipino.<br>_____2. Ang pangangamkam ng mga prayle sa lupa ng mga katutubo ay isa sa kadahilan kung bakit nag-alsa ang mga Pilipino noong 1745.<br>_____3. Ang Maynila ay itinuturing na isa sa pinakamahalagang daungang pangkalakalan sa daigdig.<br>_____4. Si Simon de Anda ang bagong gobernador-heneral mula sa Spain noong Abril 1764 ng tuluyang nilisan ng mga British ang Maynila.<br>_____5. Ang mga Pilipino sa Panahong kolonyal ay may karapatang maging paring regular at maging kabilang sa mga ordeng relihiyoso.<br><br>Panuto: Basahin at unawain ang bawat bilang. Bilugan ang titik ng tamang sagot.<br>1. Ano ang dahilan ng pag-aalsa ni Pule?<br>A. Inagaw sa kanya ang mga lupaing minana nito sa kanyang mga ninuno.<br>B. Tinutulang maging paring regular at maging kasali sa mga samahang orden.<br>C. Sapilitang pinagbabayad ng buwis.<br>2. Alin sa inyong palagay ang mabuting idinulot ng digmaaang Espanyol at Ingles sa Maynila?</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | | A. Namulat ang mga Pilipino na maaaring talunin ang mga Espanyol.<br>B. Sinakop ang Pilipinas ng mga Ingles.<br>C. Pumasok ang kulturang Ingles.<br>3. Alin sa sumusunod ang naging epekto sa mga Pilipino ng monopolyo sa tabako?<br>A. Yumaman ang mga Espanyol<br>B. Lumaganap ang kalakalang tabako<br>C. Humirap ang mga magsasaka<br>4. Ito ay isang pagkilos upang tubusin o bawiin sa mga prayle at mga orden ang mga lupang pamana sa kanilang mga ninuno o ancestral domain.<br>A. Pag-aalsang Agraryo noong 1745<br>B. Seven Years War<br>C. Pag-aalsa laban sa Monopolyo ng Tabako<br>5. Bakit maraming magsasakang Pilipino ang naapektuhan sa itinatag na monopolyo ng tabako ng mga Espanyol?<br>A. Sapilitan silang pinagtatanim ng halamang tabako at marami ang hindi nabayaran.<br>B. Pinalitan ang mga magsasaka ng ibang taong magtatanim ng halaman ng tabako.<br>C. Itinatag ang monopolyo ng tabako upang paunlarin ang mga magsasakang Pilipino. |

Prepared By: